# Proklamasyon ng Gobernador para sa Sakuna

**SAPAGKAT**, simula Agosto 31, 2022, ang Estado ng Illinois at Lungsod ng Chicago ay nagsimulang tumanggap, nang walang anumang paabiso, ng mga bus na ipinadala ng Estado ng Texas, na nagdadala ng mga indibidwal at pamilya mula sa Gitna at Timog Amerika na naghahanap ng asilo *[asylum]* sa Estados Unidos; at,

**SAPAGKAT**, sa pagitan ng Agosto 31, 2022 at Oktubre 13, 2023, libu-libong mga indibidwal at mga pamilya na naghahanap ng asilo ay dumating sa Chicago mula Texas nang walang anumang paabiso; at,

**SAPAGKAT**, lalo na sa kamakailang makabuluhang pagtaas ng dami ng mga bus at pangkalahatang pagdating, inaasahan na ang mga indibidwal at pamilya na naghahanap ng asilo ay patuloy na dadalhin ng Texas, at posibleng iba pang mga estado, sa Illinois, at ang Estado at mga lokal na partner ay kailangang patuloy na magtulungan upang direkta at di-direktang pondohan at/o magbigay ng mga kinakailangang serbisyo, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, pagsuporta sa kapasidad ng matutuluyan, pamamahala sa kaso ng pagpapatira *[resettlement]*, at permanenteng pabahay; at,

**SAPAGKAT**, ang Illinois ay isang malugod na estado, na matagal nang pinayaman at itinaguyod ng isang umuunlad na komunidad ng mga imigrante, at nagpatira ng mahigit 125,000 mga refugee mula sa mahigit 60 bansa mula noong 1975; at,

**SAPAGKAT**, ang mga ahensya ng Estado, sa pakikipag-ugnayan sa Lungsod ng Chicago at iba pang lokal na pamahalaan, ay patuloy na kumikilos para matiyak na ang mga indibidwal at pamilyang dumarating sa Illinois ay nakakatanggap ng tulong na kailangan nila, para bantayan ang kanilang kapakanan at ang pangkalahatang kapakanan ng Estado ng Illinois at ng mga residente nito; at,

**SAPAGKAT**, ang mga pamilya at indibidwal na naghahanap ng asilo na dumating sa Illinois ay nangangailangan ng espesipiko at agarang suporta, kabilang ang pansamantalang matutuluyan at pabahay; pagkain; mga pagsusuri sa kalusugan, pagsusuring medikal, at paggagamot; mga serbisyo sa pamamahala ng kaso *[case management]* para matulungan sila sa pagtugon sa mga kritikal na pangangailangan (kabilang ang mga serbisyong legal at suporta sa kahandaan sa trabaho) at mga benepisyo (na maaaring kabilang ang mga benepisyo sa Mga

Biktima ng Trafficking, Torture, at Iba Pang Malubhang Krimen (VTTC, akronim nito sa Ingles), sa ilalim ng Batas sa Karahasan sa mga Babae, at/o ang Batas sa mga Biktima ng Krimen); at pagpapa-enroll sa mga pampublikong paaralan; at pangmatagalang pabahay at tulong sa pabahay; at,

**SAPAGKAT**, dahil ang mga pamilya at indibidwal na ito ay dumarating pagkatapos ng napakahaba at mahirap na paglalakbay mula sa kanilang mga tahanan, marami sa kanila ay nangangailangan din ng pangangalagang medikal, kabilang ang pangangalaga bago manganak para sa mga buntis; paggamot sa malnutrisyon, dehydration, at hika sa mga bata; pinsala sa paa at pangangalaga sa sugat; pagbabakuna; at paggamot sa matagal nang kondisyon ng kalusugan. Marami sa mga matatanda, bata, at mga sanggol na dumarating sa Illinois ay nangangailangan din ng mga pagsusuri at pangangalaga sa kalusugang mental para magsimulang makabangon mula sa trauma na naranasan sa kanilang paglalakbay; at,

**SAPAGKAT**, ang Estado ng Illinois at maraming lokal na pamahalaan sa buong Estado ay regular na nakikibahagi sa pagpaplano para matiyak ang sapat na kapasidad para matugunan ang mga pangangailangan ng mga bulnerableng populasyon, kabilang ang mga pamilya at indibidwal na naghahanap ng kanlungan o asilo sa Estados Unidos; at,

**SAPAGKAT**, ang mga pamilya at indibidwal na naghahanap ng asilo ay dumarating sa Illinois nang walang paunang abiso kung kailan sila darating at nang walang koordinasyon sa Estado ng Illinois o sa Lungsod ng Chicago, sa gayon ay naging sanhi sa pangangailangan ng proklamasyong ito; at,

**SAPAGKAT**, ang Estado ng Illinois at mga lokal na pamahalaan ay patuloy na kumikilos para matugunan ang mga pangangailangan ng mga pamilya at indibidwal na naghahanap ng asilo, parehong direkta at sa pamamagitan ng malapitang pakikipag-ugnayan sa mga organisasyong hindi pampamahalaan at mga boluntaryo; at,

**SAPAGKAT**, ang normal na kapasidad para magbigay ng lahat ng kinakailangang serbisyo para sa kalusugan at kapakanan ng mga bulnerableng pamilya at indibidwal na ito ay nalampasan na, at kinakailangan ang agaran at patuloy na mga hakbang upang mapanatili ang mas mataas na kapasidad na kinakailangan upang matugunan ang mga pangangailangan ng kasalukuyang mga pamilya at indibidwal na naghahanap ng asilo; at,

**SAPAGKAT**, kung walang agaran at patuloy na pagkilos, magkakaroon ng kakulangan sa kapasidad sa mga kritikal na serbisyo, kabilang ang panandalian, pansamantala, at pangmatagalang tirahan at pabahay para sa mga pamilya at indibidwal na naghahanap ng asilo; mga pangkalahatang serbisyo tulad ng pagkain, pangangalaga sa kalusugan, legal na adbokasiya, at suporta sa kahandaan sa trabaho; mga kawani ng pamamahala ng kaso para makatulong sa pag-access sa iba pang mga kinakailangang serbisyo; at operational staffing na kinakailangan sa lahat ng antas para maibigay ang mga serbisyong ito; at,

**SAPAGKAT**, habang ang bilang ng mga bagong indibidwal at pamilya na naghahanap ng asilo ay dumarating sa Illinois, para patuloy na matugunan ang makabuluhang pagtaas ng pangangailangan para sa kapasidad ng pansamantalang matutuluyan at pabahay, gayundin ang mga tauhan at serbisyo, at para patuloy na maagapan ang banta sa kalusugan, kaligtasan, at kapakanan ng mga pamilya at indibidwal na naghahanap ng asilo at ng komunidad, ang Estado ay dapat na agarang kumuha at magpanatili ng nakakontratang tulong, na nangangailangan ng paggamit ng kapangyarihang pang-emerhensiya ng Gobernador; at,

**SAPAGKAT**, ang mga hakbang na pang-emerhensiya ay kailangan upang patuloy na maglaan ng mga tauhan sa pagsisikap na nagaganap sa pagitan ng iba't ibang ahensya at iba't ibang pamahalaan na kinakailangan para pangasiwaan itong nagbabagong sitwasyon habang

tinitiyak na ang mga kritikal na serbisyo para sa mga kasalukuyang residente ng Illinois ay hindi naaantala; at,

**SAPAGKAT**, ang mga pangyayari sa kasalukuyang sitwasyon ay nagdudulot ng banta sa kalusugan, kaligtasan, at kapakanan ng mga bulnerableng pamilya at indibidwal na ito at sa Estado, nangangailangan ng agarang pagkilos, at maituturing na isang sakuna gaya ng nabanggit sa Seksyon 4 ng Illinois Emergency Management Agency Act na nangangailangan ng pang-emerhensiyang pagkilos ng Estado; at,

**SAPAGKAT**, dahil sa banta sa kalusugan, kaligtasan, at kapakanan na dulot ng mga pangyayaring ito, idineklara ko ang lahat ng county sa Estado ng Illinois bilang lugar ng sakuna bawat buwan simula Setyembre 2022; at,

**SAPAGKAT**, patakaran ng Estado ng Illinois na magiging handa ang Estado sa pagtugon sa anumang mga sakuna at, samakatuwid, kinakailangan at angkop na magbahagi ng mga karagdagang rekurso ng Estado para matiyak ang kalusugan, kaligtasan, at kapakanan ng publiko; at,

**SAPAGKAT**, may legal na batayan ang mga kondisyong ito sa ilalim ng Seksyon 7 ng Illinois Emergency Management Agency Act para sa pagpapalabas ng isang proklamasyon ng sakuna; at

**SAPAGKAT**, nakasaad sa Konstitusyon ng Illinois, sa Artikulo V, Seksyon 8, na “taglay ng Gobernador ang pinakamataas na kapangyarihang tagapagpaganap, at pananagutan niya ang tapat na pagpapatupad ng mga batas,” at ipinahahayag, sa Preamble, na isang pangunahing layunin ng Konstitusyon ng Illinois ang “paglaan para sa kalusugan, kaligtasan, at kapakanan ng mga tao”;

**DAHIL DITO**, sa interes na matulungan ang mga mamamayan ng Illinois at ang mga lokal na pamahalaan na responsable sa pagtiyak ng kalusugan, kaligtasan, at kapakanan ng publiko, ako, si JB Pritzker, Gobernador ng Estado ng Illinois, ay ipinahahayag ang sumusunod:

**Seksyon 1.** Alinsunod sa mga probisyon ng Seksyon 7 ng Illinois Emergency Management Agency Act, 20 ILCS 3305/7, pinatutunayan kong may sakuna sa Estado ng Illinois at idinedeklara ang lahat ng mga county sa estado bilang lugar ng sakuna. Pinahihintulutan ng proklamasyon ang paggamit ng lahat ng kapangyarihang pang-emerhensiya alinsunod sa Seksiyon 7 ng Illinois Emergency Management Agency Act, 20 ILCS 3305/7, kabilang ngunit hindi limitado sa mga partikular na kapangyarihang pang-emerhensiya na nakasaad sa ibaba.

**Seksyon 2.** Sa paninilbihan ng Illinois Department of Human Services bilang nangungunang ahensya, ang mga ahensya ng Estado, kabilang ngunit hindi limitado sa mga nakalista sa ibaba, ay inaatasang patuloy na makipagtulungan sa Gobernador, gayundin sa iba pang ahensya ng Estado, lokal na awtoridad, at sa Illinois State Board of Education, at patuloy na makipag-ugnayan sa isa’t isa patungkol sa pagbuo at pagpapatupad ng mga estratehiya at plano para sa pagtugon sa mga epekto ng kasalukuyang sitwasyon, kabilang ang pagtugon sa mga pangangailangan ng mga naghahanap ng asilo na pumupunta sa Illinois: ang Illinois Department of Human Services (na kinaroroonan ng Bureau ng Refugee and Immigrant Services at nagpapatrabaho sa State Refugee Coordinator at State Chief Homelessness Officer); ang Illinois Department of Public Health (na nagpapatrabaho sa State Refugee Health Coordinator); ang Illinois Emergency Management Agency at Office of Homeland Security; ang Illinois Department of Central Management Services; ang Illinois Department of Labor; at ang Illinois Department of Healthcare at Family Services.

**Seksyon 3.** Inaatasan ang Illinois Emergency Management Agency at Office of Homeland Security na ipagpatuloy ang aktibasyon ng State Emergency Operations Plan at koordinasyon ng

mga rekurso ng Estado para matulungan ang mga ahensya ng Estado at mga lokal na pamahalaan sa mga operasyon sa pagtugon at pagbangon mula sa sakuna.

**Seksyon 4**. Para makatulong sa agarang pagbili ng mga kinakailangan sa pagtugon at iba pang kapangyarihang pang-emerhensiya sa ilalim ng Illinois Emergency Management Agency Act, ang mga probisyon ng Illinois Procurement Code at ng Illinois Governmental Joint Purchasing Act na sa anumang paraan ay pipigil, hahadlang o mag-aantala sa kinakailangang pagkilos sa pagharap sa sakuna ay sinususpinde hanggang hindi ito hinihingi ng pederal na batas. Para makatulong sa emerhensiyang pagbibigay ng gawad *[grant-making]* na kinakailangan sa pagtugon at iba pang kapangyarihang pang-emerhensiya sa ilalim ng Illinois Emergency Management Agency Act, ang mga probisyon ng Grant Accountability and Transparency Act at ng Illinois Administrative Code na nagpapatupad nito, na humihiling sa mga ahensya ng Estado na mag-publish ng isang notice of funding opportunity (NOFO) at magsagawa ng merit based application review at na sa anumang paraan ay pipigil, hahadlang o mag-aantala sa kinakailangang pagkilos sa pagharap sa sakuna, ay sinususpinde hanggang hindi ito hinihingi ng pederal na batas. Ang natitirang mga probisyon ng Grant Accountability and Transparency Act ay nananatiling may bisa. Kung kinakailangan, at alinsunod sa Seksyon 7(1) ng Illinois Emergency Management Agency Act, 20 ILCS 3305/7(1), ang Gobernador ay maaaring magsagawa ng angkop na ehekutibong aksyon na nagsusupinde sa mga karagdagang batas, kautusan, tuntunin, at regulasyon.

**Seksyon 5.** Alinsunod sa Seksyon 7(3) ng Illinois Emergency Management Agency Act, 20 ILCS 3305/7(3), pinagagana ng proklamasyong ito ang awtoridad ng Gobernador, kung kinakailangan, na ilipat ang direksyon, tauhan o tungkulin ng mga departamento at ahensiya ng Estado o mga yunit nito para maisagawa o mapadali ang mga programa sa pagtugon sa emerhensiya.

**Seksyon 6.** Alinsunod sa Seksyon 7(10) ng Illinois Emergency Management Agency Act, 20 ILCS 3305/7(10), pinagagana ng proklamasyong ito ang awtoridad ng Gobernador, kung kinakailangan, para gumawa ng probisyon para sa pagkakaroon at paggamit ng pansamantalang pang-emerhensiyang pabahay.

**Seksyon 7.** Mapapadali ng proklamasyong ito ang paghiling para sa pederal na tulong para sa kalamidad kung ang isang kumpleto at komprehensibong pagsusuri ng pinsala ay nagpapahiwatig na ang epektibong muling pagbangon ay lampas sa mga kakayahan ng Estado at ng mga apektadong lokal na pamahalaan.

**Seksyon 8**. Ang proklamasyong ito ay kaagad na ipatutupad at mananatiling may bisa sa loob ng 30 araw.

JB Pritzker
Gobernador

Petsa: Oktubre 13, 2023